Pangalan: ________________________________________
Petsa: _______________ Iskor: _____________

A. Panuto: Piliin ang wastong sagot sa bawat bilang.

1. Ito ay nangangahulugang awit o salawikain.
   A. Epos
   B. Kur
   C. Epikus
   D. Biag ni Lam-ang
2. Ang Epos ay mula sa wika ng _____.
   A. Epos
   B. Kur
   C. Epikus
   D. Griyego
3. Isang lalaking manunulat ng mga espanyol sa kanilang kapanahunan, isang likas na malikhaing manunulat ng epiko.
   A. Epos
   B. Kur
   C. Epikus
   D. Biag ni Lam-ang
4. Ang tawag sa mga dakilang likha ni Kur na nang lumaon ay tinawag ng mga Espanyol na EPIKO
   A. Epos
   B. Kur
   C. Epikus
   D. Biag ni Lam-ang
5. Ang pinakapopular na Epiko ng mga Iloko.
   A. Epos
   B. Kur
   C. Epikus
   D. Biag ni Lam-ang

B. Panuto: Piliin ang wastong sagot sa bawat bilang.

6. Alin sa mga sumusunod na pahayag tungkol sa epiko ang hindi totoo?
   A. Ito ay kwento ng kabayanihan noong unang panahon.
   B. Punong-puno ng mga kagila-gilalas na pangyayari.
   C. Ang pangunahing tauhan ay nagtataglay ng katangiang nakahihigit sa karaniwang tao.
   D. Ang epiko ay nasa anyong tuluyan at hindi patula.

7. Sa anong uri ng panitikan makikita ang pangunahing tauhan na tinatawag na bayani?
   A. Maikling Kwento
   B. Epiko
   C. Nobela
   D. Alamat

8. Bakit kailangang makipagsapalaran ng pangunahing tauhan sa epiko?
   A. Upang magalugad ang ganda ng kapaligiran.
   B. Upang maging tanyag sa kanyang kinabibilangang tribo.
   C. Upang mapagtagumpayan ang pagsubok na nakatakda para sa kanya.
   D. Upang hiranging pinakamahusay at pinakamatapang sa kanilang lugar.

9. Ang mga sumusunod ay nagpapakita ng katangian ng pangunahing tauhan sa epiko maliban sa?
   A. Namumuno at nagtatagumpay sa sinumang kaaway.
   B. Nakikipagsapalaran lamang para sa adhikaing makapaghiganti.
   C. Karamihan ay nagtataglay ng di- pangkaraniwang kapangyarihan.
   D. May kakayahang kalabanin ang mga hamon sa buhay para sa patuloy na pag-unlad.

10. Tanging tauhang may supernatural na kapangyarihan lamang ang maaaring ituring na bayani sa epiko.
   A. Tama ang pahayag
   B. Hindi makapagdesisyon
   C. Mali ang pahayag
   D. Wala sa nabanggit

C. **Panuto**: Punan ng tamang salita ang mga patlang upang mabuo ang diwa ng talata. Hanapin sa loob ng kahon na makikita sa ibaba ang wastong sagot.

| | | |
|---|---|---|
| kabayanihan | Epiko | karamihan |
| karaniwan | Supernatural | kapangyarihan |

Isa sa mga pangunahing kaibahan ng **(11)**_________sa iba pang akda ay ang mga tauhang binibigyang-buhay rito. Mapapansing halos **(12)**____________ ng pangunahing tauhan sa epiko ay nagtataglay ng **(13)**__________ o di-pangkaraniwang kakayahan. Bagaman at may ilang epikong ang mga tauhan ay **(14)**__________ lamang ngunit dahil sa kanyang pamumuno ng isang kapulungan, ang tungkulin niyang ipagtanggol ito ay kadakilaan, at ang kanyang pagtatagumpay laban sa sinumang kaaway ay **(15)**___________ at siya ay bayaning tatanghalin at kikilalanin.

**D. Panuto:** Piliin at Isulat ang letra ng tamang sagot na inilalarawan sa bawat bilang.

_____ 16. Nakarinig sila ng isang malakas na sigaw makalipas ang ilang oras na paghihintay. Napaiyak si Sita sa takot pero ayaw pa ring umalis ni Lakshamanan kaya nagalit si Sita sa kaniya.

A. Labis na nag-alala
B. Naiinip sa paghihintay
C. Nalito sa pangyayari
D. Labis na naiinis

_____ 17. Wala silang kamalay-malay na naghihintay sa labas si Ravana.

A. Galit si Ravana dahil sa matagal na paghihintay sa kanila.
B. May masamang binabalak si Ravana lalo na kay Sita.
C. Hinihintay niya si Lakshamana para maghiganti rito.
D. Hinihintay ni Ravana ang dalawa dahil patay na si Rama.

_____ 18. Matagal na naghihintay ang dalawa subalit hindi pa rin dumarating si Rama. Si Lakshamanan ay pinilit ni Sita na sumunod sa gubat.

A. Naiinis si Sita kay Lakshamanan na binabantayan siya nito gayong ligtas naman siya.

B. Naiinip na siya na mapasakanya ang usa na may mga hiyas sa sungay nito.

C. Gustong-gusto na niyang makapiling ang kaniyang asawa dahil wala ito sa tabi niya.

A. Nag-aalala siya na baka may mangyari kay Sita dahil susundan niya ang usa sa gubat.

_____ 19. Ikinagulat nina Rama at Sita ang nakita nila kay Lakshamanan.

A. Suwail

B. Duwag

C. Masunurin

D. Mapagkunwari

_____20. Taglay ni Rama ang katapangan nang sundin niya ang utos ng asawa, mahihinuha na siya ay..

A. Mapagmahal na asawa

B. Pabaya sa kaniyang asawa

C. Kunsitidor na kabiyak

D. Mapagmahal na kapatid